

Kiangsa

hango sa salaysay ni Jerson
Ayongchi

Noong unang panahon sa Sachanga, sa baba ng Masiki, may isang anitong tumutugtog ng kiangsa sa gubat tuwing kabilugan ng buwan. Kakaiba ang tunog ng kiangsang ito dahil animo'y humihiyaw. Takot ang mga Isachanga sa anito at wala man lang sa kanilang maglakas-loob na hanapin ito.

Sa Fiallig, kung saan lumipat at nanirahan ang ilang mga taga-Masigi, balitang-balita din ang anitong tumutugtog ng mahiwagang kiangsa sa Sachanga. Isang araw, naisip ng isang matikas na binata sa Fiallig na tuklasin ang misteryo ng mahiwagang kiangsa.

Nagpasiya siyang mag-ichiw bago niya ituloy ang kanyang binabalak. Naging maganda ang pangitain ng *ichiw* kaya kinabukasan, gumayak siya at nagpaalam sa kanyang mga kasamahan sa Fiallig. Sinabi niyang pupunta siya ng Sachanga upang hanapin ang anito at upang makita ang mahiwagang kiangsang humihiyaw.

Nang makarating siya sa Sachanga, nagpakilala siya sa mga tagaroon. "Kakampi ninyo ako. Isa ako sa mga apo ni Arong na nagmula sa Masigi," aniya. "Gusto ko sanang makita ang sinasabi ninyong anitong may mahiwagang kiangsa."

"Hindi ka ba natatakot na makita iyon?" tanong ng mga Isachanga. "Natatakot kami sa anito dahil tuwing tumutugtog ito, may namamatay."

"Hindi ako takot. Sige na," pakiusap ng binata, "ituro ninyo sa akin ang kinaroroonan niya."

“Sandali,” tugon ng mga Isachanga. “Hintayin nating bumilog ang buwan. Kapag waring malaking bato na ang buwan, maaaring mayroon nang tumugtog. Sa tuwing maririnig namin ang kanyang kiangsa, umaalingawngaw ang tunog nito hanggang dito sa aming bayan. Ngunit hindi talaga namin matunton kung saan siya tumutugtog.”

Sumang-ayon ang binata na maghintay muna. Lumipas ang isang buwan at nagpasya ang mga Isachanga na malapit na ang takdang panahon. “Lalabas na siya dahil malapit nang magmukhang malaking bato ang buwan. Bukas, makalawa, o tatlong araw mula ngayon,” anila.

“Anong oras kaya siya tutugtog?” sabik na tanong ng binata.

“Mga bandang hatinggabi maririnig ang tugtog,” sagot ng Isachanga.

“Gaano katagal siya kung tumugtog?”

“Matagal naman. Halika’t pakinggan nating mabuti kung mayroon tayong maririnig, at pagkatapos gumayak ka. Ano ba ang balak mong gawin?” tanong ng Isachanga.

“Sisilipin ko lang kung ano ang anyo ng anito.”

Makalawang araw mula nang una silang maghintay, tumugtog na ang mahiwagang kiangsa. Hatinggabi. Waring malaking bato na ang buwan.

“Aalis na ako,” paalam ng binata. Nagdala siya ng *tigkiad* na pansindi ng apoy. Dinala rin niya ang kanyang fiangkaw at gulok. “Napakaganda talaga ng tugtog ng anito,” bulalas niya sa sarili. Pinakinggan niya ang tunog. Sinundan niya ang pinagmumulan nito hanggang matunton niya ang anito.

Nang una niyang mamataan ang anito, nakaupo ito sa tuktok ng napakalaki at napakatandang puno ng pino. Dahan-dahang lumapit ang binata upang masilip niya ito

nang mabuti. Nagulat siya nang makitang ang likuran ng bahag ng anito ay napakahaba at sumasayad na sa paanan ng punong kinauupuan. Nag-isip siya ng gagawin.

Gumapang siya nang marahan upang makalapit nang hindi napapansin ng anito. Hinipo niya ang sumasayad na bahag at naisip niyang madali itong magliyah. Naisip niyang magsindi ng apoy sa pamamagitan ng tigkiad at sindihan ang bahag. Umaasa siyang sa pagsiklab ng bahag paakyat sa kinauupuan ng anito, mapapaso ang puwit nito at mabibitiwan ang kiangsa.

Nang kiskisin at pag-apuyin niya ang tigkiad, mabilis na kumapit ang liyah sa bahag. Agad na sumiklab ang apoy paakyat sa mahabang bahag. Tuwang-tuwa ang binata dahil walang kamalay-malay at tuloy-tuloy lamang sa pagtugtog ang anito.

Nang umabot sa puwit ng anito ang apoy, napasigaw ito, "Aray!" Nabitiwan ng anito ang kiangsa at nahulog ito. Tumakbong papalayo ang anito habang tuloy-tuloy ang pagsigaw niya, "Aray! Aray!"

"Kahit anito, umaaray din pala," naisip ng binata. Dinampot ng binata ang nalaglag na kiangsa at mabilis na tumakbo papalayo sa anito.

Nang makabalik ang binata sa Sachanga, dinala niya ang mahiwagang kiangsa sa ator. "Heto, nakuha ko ang kiangsa. Uuwi na ako bukas," sabi niya sa mga Isachanga.

"Mabuti at nakuha mo ang kiangsa. O sige, patunugin mo nga kung tutugtog," sabi ng mga Isachanga.

Pinatunog ng binata ang kiangsa. Namangha silang lahat sa ganda ng tunog nito. Napakalinaw at napakalakas. "Sa iyo talaga nagpakuha ang kiangsa. Matatapang talaga kayong mga lfiallig. Luwi mo na 'yang napangaso mo," pagbati ng mga Isachanga.

Nang maiuwi ng binata ang kiangsa sa Fiallig, matagumpay siyang nagsisisigaw, “Heto, nakuha ko ang mahiwagang kiangsa! Kiangsa ng anito ng Sachanga!” Agad niyang pinatunog ang kiangsa at natahimik ang mga lfiallig. Napatigil pati ang mga nagtatanim sa mga payyiw. Hindi sila makapaniwala sa narinig nila.

“May kiangsang humihyaw. Halina’t umuwi na tayo para makita natin,” anila. Nang makauwi sila at makita ang mahiwagang kiangsa, natuwa sila sa ganda nito. lpinagdiwang nila ito.

Iningatan nang maraming taon ng mga lfiallig ang mahiwagang kiangsa. Nang dumating ang mga Kastila, sinakop nila ang Kiangsan. Nakarating din ang mga Kastila sa Sappo. Kalaban ng mga Isappo ang mga lfiallig. Dahil matatayang at makikisig ang mga lfiallig, hindi sila matalo ng mga Esappo. Nakipagtulungan ang mga Esappo sa mga Kastila at sinamahan nila ang mga ito patungong Fiallig. Nang makarating sila sa Allemong, nagkampo sila roon.

“Hindi ninyo malulupig ang lfiallig dahil mapanghi ang aming ihi!” pagyayabang ng mga lfiallig. Nakipagdigma sila sa mga Isappo. Ngunit hindi nila alam na may mga baril ang mga Kastila. Nang paputukin ng mga Kastila ang mga baril nila, nagulat ang mga lfiallig dahil galing sa kanilang pinagkukublian, nakita nilang nababali ang mga sanga ng kahoy.

Nagpasyang lumikas ang mga lfiallig at iniwan nila ang kanilang ili. Umatras sila sa mga Kastila sa paniniwalang dipangkaraniwang nilalang ang mga ito. Ayon kay Lakay Challoy, sinunog ng mga Kastila ang Fiallig at kinuha ng mga Isappo ang mahiwagang kiangsa.

Nang maiuwi ng mga Isappo ang kiangsa, nagsaya sila dahil sa kanilang tagumpay laban sa mga lfiallig. Sinubukan nilang patunugin ang kiangsa. Isang mag-anak,

mag-aama. Hindi mapatunog ng ama ang kiangsa. Nagtatakang ipinasa ng ama sa isang anak ang kiangsa upang patugtugin ito. Hindi rin ito tumunog. Ipinasang muli sa isa pang anak ngunit hindi pa rin ito mapatunog. Sa paglipas ng panahon, nabasag na lamang ang kiangsa ngunit hindi nila ito napatunog.

Nabalitaan na lamang na namatay ang mag-aamang sumubok magpatunog sa mahiwagang kiangsa. Sa mga lfialling lamang pumapayag magpatugtug ang mahiwagang kiangsa.